MGA BUWIS

Tinutukoy ng kasalukuyang sistema ng buwis sa Republika ng Croatia ang mga buwis sa bansa: buwis sa kita ng kompanya, buwis na dagdag sa halaga, ispesyal na buwis, buwis sa kalakal. Mayroon ding iba't ibang uri ng buwis sa county, lungsod o munisipyo (buwis sa kita at transaksyon sa real estate) at buwis sa pagsusugal, hal. sa loterya, pagtaya, atbp.

Ang pangkalahatang rate ng VAT sa Croatia ay 25%, habang may mas mababang rate ang ilang produkto at serbisyo (13% at 5%).

Ibabawas ng iyong employer ang mga buwis at kontribusyon sa social security mula sa iyong sweldo at ibabayad ito sa administrasyon ng buwis para sa iyo.

Administrasyon ng Buwis: porezna-uprava.hr

SOCIAL SECURITY

Saklaw ng sistema ng social security sa Croatia ang pensyon at insurance sa kalusugan. Kinakaltas ang mga kontribusyon sa social security mula sa iyong sweldo at ibinabayad sa naaayong institusyon para sa iyo.

Ang isang taong may insurance na umabot ng 65 taong gulang ay karapat-dapat sa pensyon sa pagreretiro kung natapos nito ang 15 taon ng serbisyo na maaaring bigyan ng pensyon. Ang isang tao na may insurance na umabot ng 60 taong gulang at natapos ang 35 taon ng serbisyo na maaaring bigyan ng pensyon ay karapat-dapat para sa pensyon sa maagang pagreretiro.

Ang mga taong mula sa mga bansa sa labas ng EU na pupunta sa Croatia para magtrabaho ay kailangang mag-apply para sa insurance sa kalusugan sa Croatia. Dahil mula sa mga bansa kung saan walang kasunduan ang pamahalaan at trabaho sa Croatia ang mga taong ito, kailangan silang irehistro ng employer sa kinakailangang insurance sa kalusugan sa Pondo para sa Insurance sa Kalusugan ng Croatia. Kapag nakumpleto ng mga ito ang kanilang aplikasyon, maaari nilang gamitin ang lahat ng karapatan sa ilalim ng kinakailangang insurance sa kalusugan batay sa ugnayan sa pagtatrabaho sa Croatia.



Pondo para sa Insurance sa Kalusugan ng Croatia: hzzo.hr

Institusyon para sa Insurance ng Pensyon ng Croatia: mirovinsko.hr

Impormasyon sa panlipunang seguridad ng manggagawa: migracije.hr

PAGKAWALA NG TRABAHO

Ang pagiging karapat-dapat para sa benepisyo sa kawalan ng trabaho sa Republika ng Croatia ay pinamamahalaan ng Labour Market Act (OG No 118/18, 32/20 at 18/22).

Ang isang mamamayan ng third country na maaaring magtrabaho sa Republika ng Croatia na walang permit sa paninirahan at pagtatrabaho alinsunod sa mga ispeyal na regulasyon at tumutugon sa legal na kinakailangan para sa pagrehistro sa pagpaparehistro na naaayon sa mga mamamayan ng Croatia ay maaaring magrehistro sa Serbisyo sa Trabaho ng Croatia.

Ang isang mamamayan ng third country na nakatira sa Republika ng Croatia ayon sa permit sa paninirahan at pagtatrabaho kung saan ang ugnayan sa pagtatrabaho sa Republika ng Croatia ay natapos nang walang problema o pagpayag sa kanilang panig, walang trabaho at binigyan ng pansamantalang paninirahan sa Republika ng Croatia, ay maaaring magrehistro sa Serbisyo sa Trabaho ng Croatia upang magamit ang kanilang karapatan sa benepisyong pera sa kawalan ng trabaho.

Serbisyo sa Trabaho ng Croatia: hzz.hr

MGA KONTAK
Internet: hzz.hr
Email: eures_hr@hzz.hr
Tel: +385 (1) 6126 048

HRVATSKI ZAVOD ZA ZAPOŠLJAVANJE

NAKABUHAY AT NAGTATRABAHO SA CROATIA

REPUBLIKA NG CROATIA
Populasyon: 3 871 833
Lawak: 56 594 km²
Kabisera: Zagreb
Pinakamalalaking lungsod: Zagreb, Split, Rijeka, Osijek
Wika: Hrvatski
Salapi: Euro

MAHAHALAGANG NUMERO NG TELEPONO
Internasyonal na code ng bansa para sa Croatia: +385
Ambulansiya: 194
Bumbero: 193
Pulisiya: 192
Isang pambansang numero sa emergency: 112

PERMIT SA PAGTATRABAHO/PANINIRAHAN

Kung mamamayan ka ng isang bansa sa EEA o Switzerland, may karapatan kang manatili sa Croatia ng hanggang 3 buwan kung ikaw ay may balidong passport o identity card. Sa pagtatapos ng 3 buwan, kailangan mong magdeklara ng pansamantalang pananatili sa naaayong departamento o estasyon ng pulisya sa lugar na tinutuluyan.

Para sa mga nakatira at nagtatrabaho sa Croatia, ang mga mamamayan ng third country (hindi mga kasapi ng EU) ay dapat may permit sa paninirahan at pagtatrabaho.

Maaaring tumira ang mga mamamayan ng third country sa Republika ng Croatia ng:

- hanggang 90 araw sa anumang 180 araw na yugto - panandaliang pananatili
- hanggang 1 taon - pansamantalang pananatili
- pangmatagalan - pagkatapos ng 5 taon ng pansamantalang pananatili
- permanente - pagkatapos ng 3 hanggang 5 taon ng pansamantalang pananatili

IAng isang kinakailangan bago makapag-apply para sa permit sa paninirahan at pagtatrabaho ay ang isang alok ng pagtatrabaho mula sa isang employer na Croatian para sa posisyon na hindi maaaring punan ng mga mamamayan ng Croatia, o ng mamamayan ng EU/EEA o mamamayan ng third country na may karapatang manirahan sa Croatia.

Bago mag-apply para sa isang permit sa paninirahan at pagtatrabaho, dapat munang suriin ng employer na gustong gumamit ng dayuhang manggagawa kung posible bang gumamit ng manggagawa mula sa labor market ng Republika ng Croatia – ang pagpapatupad ng pagsubok sa labor market na testa tržišta rada. Kung nais ng employer na gumamit ng dayuhang manggagawa (hindi mamamayan ng EU) sa trabaho kung saan nakatanggap siya ng positibong resulta ng pagsubok sa labor market, o nais nitong gumamit ng dayuhang manggagawa sa trabaho na hindi kinakailangang magsagawa ng pagsubok sa labor market, dapat siyang magpasa ng aplikasyon para sa permit sa paninirahan/ pagtatrabaho sa Ministry of Interior.

Ministry of the Interior: mup.gov.hr
Ministry of Foreign and European Affairs: mvep.gov.hr



Kontrata sa Pagtatrabaho

Sa Republika ng Croatia, ang mga negosasyon sa pagtatrabaho ay dapat na may kasamang kontrata sa pagtatrabaho, ito man ay pinagkasunduan sa isang tiyak o hindi tiyak na panahon. Dapat na nakasulat ang kontrata sa pagtatrabaho. Bukod pa rito, dapat tukuyin ng kontrata sa pagtatrabaho ang uri ng trabaho na gagawin ng empleyado para sa employer, ang lugar kung saan gagawin ang trabaho at ang petsa kung kailan magsisimula ang ugnayan sa pagtatrabaho.

Ang pana-panahon na pagtatrabaho ay karaniwan sa industriya ng hospitalidad at turismo (karamihan ay sa rehiyon ng Adriatic), agrikultura, pangangalakal, at industriya ng pagkain.

Ministry of Labour, Sistema ng Pensyon, Pamilya at Patakarang Panlipunan: mrosp.gov.hr

PAGHAHANAP NG TRABAHO

Paghahanap ng trabaho

Pangunahing pinagmumulan ng impormasyon ang mga portal ng Serbisyo sa Pagtatrabaho ng Croatia at mga pribadong portal sa paghahanap ng trabaho tungkol sa mga bakanteng trabaho, kasama ang mga sariling website ng mga kompanya at website ng mga propesyonal na organisasyon, diyaryo at mga propesyonal na journal.

Portal ng Serbisyo sa Pagtatrabaho ng Croatia: burzarada.hzz.hr
EURES: eures.ec.europa.eu
Moj posao (portak para sa paghahanap ng trabaho): moj-posao.net

Pag-aapply ng trabaho

Binabanggit sa bawat abiso ng bakanteng trabaho kung paano mag-apply. Dapat gawin ang curriculum vitae ayon sa tamang pagkakasunod-sunod at nagtataglay ng personal na detalye at detalye sa pakikipag-ugnayan (pangalan at apelyido, petsa ng kapanganakan, address, numero ng telepono, email address, atbp.), impormasyon sa pormal na edukasyon, karagdagang kaalaman at kasanayan at karanasan sa trabaho, interes at libangan.

Karaniwang humihiling ang mga pribadong employer ng aplikasyon sa e-mail, na dapat may kasamang curriculum vitae, at minsan, mga dokumento tulad ng diploma, liham ng kagustuhan, sertipiko ng propesyonal na pagsusulit at iba pa depende sa trabaho.

PAGKILALA AT EBALWASYON NG KWALIPIKASYON NG EDU-KASYON MULA SA IBANG BANSA

Ang ebalwasyon ng kwalipikasyon ng edukasyon mula sa ibang bansa para makapasok sa labor market sa Republika ng Croatia ay responsibilidad ng Pambansang Opisina ng ENIC/NARIC ng Ahensiya para sa Agham at Mas Mataas na Edukasyon. Kinakailangan ang ebalwasayon para sa mga ispesipikong trabaho at okupasyon sa Croatia. Mga kinokontrol na propesyon ang mga ito kung saan ang mga nagtatrabaho ay dapat may kwalipikasyon na kinikilala ng naaayong awtoridad sa Croatia.

Database ng mga kinokontrol na propesyon sa Croatia: reguliraneprofesije.azvo.hr/hr/profesije

Ahensiya para sa Agham at Mas Mataas na Edukasyon: azvo.hr